

Pagtatago ng Mga Mapanganib na Materyal

Kapag maaari, dapat ipalit sa mga mapanganib na materyal ang materyal na hindi mapanganib o hindi masyadong mapanganib. Kung hindi mo maaalis ang mapanganib na materyal sa lugar ng trabaho, kailangan mong maglagay ng mga hakbang sa pagkontrol para maprotektahan ang iyong mga manggagawa. Ang pangunahing pinagtutuunan ng pansin para sa mga hakbang sa pagkontrol na ito ay tamang pagtatago.

Mga Pangkalahatang Kinakailangan para sa Pagtatago

- Magpanatili ng inventory ng lahat ng mapanganib na materyal na ginagamit, ginagawa, pinamamahalaan o itinatago sa lugar ng trabaho.
- Itago ang mga mapanganib na materyal sa mga package o lalagyan:
 - na compatible sa laman nitong produkto at
 - matibay ang pagkakagawa at dinisenyo para hindi masira sa karaniwang mga aktibidad sa paghawak ng materyal.
- Lagyan ng label ang lahat ng mapanganib na materyal (WHMIS 2015, TDG atbp.)
- Limitahan ang dami ng mga mapanganib na materyal, kapag maaari.
- Panatilihin ang mga access aisle sa mga mapanganib na materyal.
- Itago ang mga mapanganib na materyal nang malayo sa mga pagmumulan ng pagliyab.
- Ihiwalay ang mga hindi compatible na materyal.
- Isaalang-alang ang ambient na temperatura para sa bawat materyal.

Pang-emergency na Plano sa Mga Pagkontrol sa Pagtugon sa Natapon

Ang plano sa pang-emergency na pagtugon at/o plano para sa sunog ay dapat may kasamang mga sumusunod na impormasyon tungkol sa mga mapanganib na materyal sa lugar ng trabaho:

- Lokasyon ng mapanganib na materyal (silid para sa pagtatago, timog-kanluran na bahagi ng warehouse, atbp.)
- Paraan ng pagtatago (paglalagay sa rack, kabinet, atbp.)

- Pag-uuri ng mga materyal (nasusunog, corrosive, atbp.)
- Mga hakbang sa pagkontrol ng natapon (pangalawang pagtatabi, mga spill kit, atbp.)

Pagtatabi ng Natapon

Ginagamit ang pag-contain ng natapon para pigilan ang pagkalat ng mga mapanganib na materyal kung magkakaroon ng natapon. Maraming iba't ibang uri ng pangalawang pag-contain pero mayroong dalawang kategorya, permanente o pansamantala:

- Permanente – Mga Na-engineered na Berm at Sump (mga transport tanker pad)
- Pansamantala – Mga Spill Tray (drum spill tray)

Mga Spill Kit

Hindi lahat ng spill kit ay ginawa sa parehong paraan! Tiyaking mayroon ka ng tamang uri ng spill kit para sa dami at uri ng mga mapanganib na materyal sa lugar ng trabaho.

Mga Karaniwang Uri ng Mga Spill Kit:



- Spill Kit para sa Langis Lang
- Pangkalahatang Spill Kit
- HazMat Spill Kit
- Mga Spill Kit na Kailangan ng Espesyalidad
- Mga Spill Kit para sa Asido
- Spill Kit para sa Mercury

(ipinagpatuloy)




» RISK. PROFESSIONALLY MANAGED.

Telepono: 204-632-6600 | Email: info@rpmsafety.ca | Web: www.rpmsafety.ca

Address: 25 Bunting Street, Winnipeg, MB R2X 2P5

Mga Fire Extinguisher

Ang mga fire extinguisher ay dinisenyo para apulihin ang mga paritkular na uri ng sunog. Tiyakin na mayroon ka ng tamang mga fire extinguisher na available para sa uri ng mga mapanganib na materyal na nasa iyong mga lugar ng trabaho.



Ang portable na fire extinguisher ay karaniwang ginagamit ang mga sumusunod na marka para isaad kung aling uri ng apoy ang kaya nitong apulihin. Ang mga simbolong ito ay inirerekomenda ng National Fire Protection Association (NFPA) sa USA. Ang mga simbolo ay maaaring ipakita gamit ang mga kulay.

Batas

Pederal na Mga Regulasyon ng Canada sa Kalusugan at Kaligtasan sa Trabaho

- BAHAGI X Mga Mapanganib na Substance

Batas at Regulasyon ng Manitoba sa Kaligtasan at Kalusugan sa Lugar ng Trabaho

- BAHAGI 7 Pagtatago ng mga Materyal, Kagamitan, Makina at Mga Gamit
- BAHAGI 19 Mga Panganib sa Sunog at Pampasabog

- BAHAGI 35 Mga Sistema ng Impormasyon para sa Mga Mapanganib na Produkto sa Lugar ng Trabaho
- BAHAGI 36 Mga Kemikal at Biyolohikal na Substance

Pambansang Kodigo ng Canada sa Sunog

- Division B Mga Katanggap-tanggap na Solution
 - Bahagi 3 Pagtatago sa Loob at Labas

Kailangan mo ba ng higit pang impormasyon? Makakatulong ang RPM!

Nagbibigay kami ng Kaligtasan para sa mga Supervisor, Pagtukoy ng Panganib at Pagkontrol ng Panganib, pati rin ng Pag-uulat ng Insidente at Mga Pamamaraan ng Imbestigasyon bilang mga eLearning na kurso para matuto mag-isa, libre sa mga kalahok sa programa ng RPM. Bumisita o pumunta sa website para sa higit pang impormasyon tungkol sa bawat isa sa mga kursong ito.

Pakitandaan na ibinibigay ang mga kurso ng RPM sa mga kumpanyang nakarehistro lang sa RPM. Dapat nakarehistro ang inyong kumpanya sa RPM at nasa proseso ng pagkuha ng sertipikasyon o dapat nakakuha ng Certificate of Recognition mula sa SAFE Work Manitoba Trucking. Hindi pa nakarehistro sa programa ng RPM? Ngayon ang magandang araw para magsimula!

Mangyaring makipag-ugnayan sa RPM sa pamamagitan ng pag-email sa info@rpmsafety.ca o pagtawag sa 204-632-6600, o sa pamamagitan ng pagbisita sa aming website na www.rpmsafety.ca.

